NATIONAL IMMIGRATION LAW CENTER

# ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN: Ang Dapat Gawin Kung Ikaw ay Tinanong, Inaresto o Kinulong ng Imigrasyon at Ibang Tagapagpatupad ng Batas

***Huling isinapanahon: Marso 6, 2023***

**ANG MGA IMIGRANTENG PINATIGIL, INARESTO O KINULONG ng imigrasyon o ibang tagapagpatupad ng batas ay may mga partikular na karapatan.** Pero sinumang hindi mamamayan ng U.S. sy dapat na mag-ingat kapag humaharap sa tagapagpatupad ng batas sa United States o sa hangganan. Kung nakaharap ka ng tagapagpatupad ng batas sa trabaho, sa kalye, pagkatapos ng isang pagtigil sa trapiko, o sa bahay, ikaw ay karaniwang may mga kaparehong karapatang ginagarantiya ng saligang-batas bilang mga mamamayan ng U.S. Maaaring mas kaunti ang iyong mga karapatan kapag nakakaharap ang mga ahenteng tagapagpatupad ng batas sa hangganan o sa paliparan.

*Pagpapahayag: Itong tagatulong na Alamin ang Iyong mga Karapatan ay nagkakaloob ng pangkalahatang impormasyon. Hindi ito  isang paunawang pambatas. Hindi ito dinisenyo sa iyong kalagayan. Makipag-usap sa isang abugado sa imigrasyon para sa payong pambatas.*

**Kung nakaharap mo ang Imigrasyon o tagapagpatupad ng batas, mahalagang manatiling kalmado at tandaan itong pangkalahatang impormasyon:**

## Sino ang maaaring magtangkang magtanong tungkol sa aking katayuang pambatas?

- **SINUMANG ahenteng tagapagpatupad ng batas ay maaaring magtangkang magtanong sa iyo ng tungkol sa iyong pinagdaanan, katayuan sa imigrasyon, mga miyembro ng pamilya at kasamahan, at ibang mga paksa.** Kabilang dito hindi lamang ang Imigrasyon, kundi ang lokal at pang-estadong pulis at pederal na ahente mula sa iba't ibang ahensiya ng pagpapatupad ng batas.

- **'Imigrasyon' ay karaniwang tumutukoy sa Immigration and Customs Enforcement (ICE) at Customs and Border Patrol (CBP).** Ang ICE at CBP ay namamahala ng pagpapatupad ng imigrasyon sa loob ng United States, ayon sa pagkakasunod-sunod. Ang mga ahente ng ICE ay madalas na nagpapanggap na 'pulis' sa pamamagitan ng pagsusuot ng mga tsapa ng pulis, tactical gear, ibang mga palatandaan ng pulis, at sa pagpapahayag na sila ay pulis.

**Ano ang aking maaasahan kapag nakakaharap ang tagapagpatupad ng batas sa hangganan o sa paliparan?**

- **Magagawa ng tagapagpatupad ng batas na patigilin, kulungin, o saliksikin ka.** Gayunman, hindi ka maaaring saliksikin ng tagapagpatupad ng batas batay sa iyong lahi, kasarian, relihiyon, o etnisidad.

- **May awtoridad ang tagapagpatupad ng batas na tanungin ka tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon**, layunin ng iyong pagbisita, at ibang mga tanong upang malaman kung ikaw ay may permisong pumasok sa U.S.

- **Ang pananatiling hindi sumasagot ay maaaring magresulta sa pagtanggi ng tagapagpatupad ng batas na papasukin ka sa U.S.** Maaari mong piliing hindi sumagot sa mga tanong, pero ang tagapagpatupad ng batas ay maaari at malamang na hindi hindi pumayag na pumasok ka sa U.S.

- **WALA kang karapatang kumuha ng abugado kapag ikaw ay tinatanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon.** Pero maaari kang kumuha ng abugado para sa mga tanong na walang kaugnayan sa iyong katayuan.

- **May karapatan kang magpahayag ng takot na bumalik sa iyong sariling bansa.** Kung ikaw ay sinabihan na wala kang permisong pumasok sa U.S., pero natatakot ka sa pag-uusig o pagpapahirap kung pabalikin sa iyong sariling bansa, sabihin sa ahente ng hangganan at humingi ng asylum. Maaaring karapat-dapat ka para sa kaluwagan sa imigrasyon.

- **LAGING MAKIPAG-USAP sa isang abugado sa imigrasyon bago umalis ng U.S.** Sa ilang kaso, kung aalis ka, maaaring hindi ka pahintulutang bumalik sa bansa para sa isang partikular na bilang ng mga taon.

**Ano ang dapat kong gawin kapag ang Imigrasyon o ibang tagapagpatupad ng batas ay lumapit sa akin sa kalye?**

- **Pangkaraniwang may karapatan kang MANATILING TAHIMIK.** Hindi mo kailangang sumagot sa mga tanong tungkol sa kung ikaw ay isang mamamayan ng U.S., kung saan ka ipinanganak, saan ka nakatira, saan ka nanggaling, o kung ikaw ay may mga dokumento. Kahit na sumagot ka sa ilan sa kanilang mga tanong, maaari mo pa ring ipasya na huwag nang sumagot sa iba pang mga tanong. Hindi ka dapat magsinungaling kailanman tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon, dahil iyon ay maaaring magdulot ng mga seryosong kahihinatnan.

NATIONAL IMMIGRATION LAW CENTER

- **May karapatan kang MAKIPAG-USAP SA ISANG ABUGADO.** Dapat kang makipag-usap sa isang abugado bago sumagot sa mga tanong tungkol sa iyong pinagdaann o katayuan sa imigrasyon.

- **Kung ikaw ay may balidong mga dokumentong pang-imigrasyon, dapat mong ipakita ang mga ito kapag hiningi.** Ang batas ay nag-aatas sa mga imigrante na inisyuhan ng balidong mga dokumentong pang-imigrasyon na dalhin ang mga dokumentong ito sa lahat ng pagkakataon. Kung ikaw ay hindi dokumentado, maaari kang tumangging sumagot sa mga tanong tungkol sa iyong katayuang pang-imigrasyon o kung ikaw ay may mga dokumento.

**Ano ang dapat kong gawin kapag kumatok sa aking pinto ang Imigrasyon?**

- **HUWAG papasukin ang Imigrasyon sa iyong bahay o lumabas ka.** Ang Imigrasyon ay dapat magtaglay ng warrant na pinirmahan ng isang hukom o pahintulot ng umookupa upang pumasok sa iyong bahay. Madalas na lilinlangin ka ng ICE para magbigay ng pahintulot sa pamamagitan ng pagsasabing nag-iimbistiga sila ng krimen o kailangang “gumawa ng mabilis na pagtingin” o “papasok upang makipag-usap.” Maaari rin silang magpakita sa iyo ng warrant na hindi pinirmahan ng isang hukom.

- **HINGIN na makita ang warrant.** Maaari nilang ilusot ito sa ilalim ng pinto o ipakita sa isang bintana. Huwag lumabas.

- **SURIIN kung ang warrant ay pinirmahan ng isang hukom.** Kung wala silang warrant o kung ito ay hindi pinirmahan ng isang hukom, sabihin, “Hindi ko gustong makipag-usap ngayon.” o “Hindi ko kailangang papasukin kayo.”

**Ano ang dapat kong gawin kung ang Imigrasyon ay nagpakita sa aking trabaho?**

- **May karapatan kang MANATILING TAHIMIK.** Hindi mo kailangang sumagot sa anumang mga tanong tungkol sa katayuan sa imigrasyon, pinagdaanan, o iyong mga kasamahan. Kung sumagot ka sa mga tanong, maaaring hingin sa iyo ng Imigrasyon ang iyong mga dokumentong pang-imigrasyon.

- **HUWAG magtangkang tumakbo palayo.** Maaaring maghinala ang Imigrasyon na ikaw ay hindi dokumentado at tangkaing arestuhin ka. Mas ligtas na patuloy na magtrabaho at kalmadong itanong kung maaari ka nang umalis.

**Ano ang dapat kong gawin kapag inaresto ako ng Imigrasyon?**

- **Dapat mong IGIIT ANG IYONG MGA KARAPATAN.** Magdala ng card ng Alamin ang Iyong mga Karapatan at iabot ito sa umaarestong mga ahente. Ang mga card na ito ay makukuha sa maraming wika at maaaring i-download at ilimbag sa: [https://www.nilc.org/issues/immigration-enforcement/everyone-has-certain-basic-rights/](https://www.nilc.org/issues/immigration-enforcement/everyone-has-certain-basic-rights/)

- **May karapatan kang MANATILING TAHIMIK.** Hindi mo kailangang sagutin ang anumang mga tanong, lalo na ang tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon. Ang pagtangging sumagot sa mga tanong ay hindi isang krimen, pero hindi ka dapat magsinungaling tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon, dahil iyon ay may mga seryosong parusa.

- **May karapatan kang MAKIPAG-USAP SA ISANG ABUGADO.** Ang mga batas sa imigrasyon at kumplikado at nakakalito. Hindi ka dapat umasa na ang mga ahente ng Imigrasyon o maging ang isang Hukom sa Imigrasyon ay magpapaliwanag ng lahat ng iyong mapipili o magbibigay sa iyo ng tumpak na impormasyon. Dapat kang makipag-usap sa isang abugado bago magsalita o gumawa ng anuman.

- **HUWAG PUMIRMA sa anumang mga dokumento nang hindi muna nakipag-usap sa isang abugado.** Kabilang dito ang isang Waiver, Stipulated Removal Order, o Voluntary Departure Agreement. Ikaw ay maaaring tumatalikdan sa iyong karapatang makipagkita sa abugado o hukom o sumasang-ayong umalis ng U.S. Ito ay maaaring mangahulugan din na hindi ka pahihintulutang pumasok muli sa U.S. o kumuha ng katayuan na kaugnay ng imigrasyon. Huwag pumirma sa isang dokumento nang hindi binasa, naiintindihan, o nalalaman ang mga kahihinatnan kung pipirmahan ito.

- **HINGIN na matawagan ang isang miyembro ng pamilya o kaibigan** kung may kasama kang mga bata kapag ikaw ay inaaresto o kailangang tumawag sa trabaho.

- **ISULAT ang pangalan at numero ng telepono ng opisyal ng deportasyon** na nakatalaga sa iyong kaso, gayon din ang iyong Alien Registration Number, o A-number.

**Ako ay nasa kulungan o bilangguan para sa isang krimen. Dapat ba akong mag-alala tungkol sa Imigrasyon?**

- May mga partikular na krimen na nagtataglay ng mga kahihinatnan na kaugnay ng imigrasyon. Ang batas sa isyung ito ay masyadong kumplikado at nakakalito kahit na para sa mga abugado sa imigrasyon. **Kung ikaw ay kinasuhan ng isang krimen, ang iyong tagapagtanggol na abugado ay INAATASAN NA MAGSABI sa iyo kung ang iyong mga kaso o anumang plea offer ay nagtataglay ng panganib ng deportasyon.** Napakahalaga na ang iyong tagapagtanggol na abugado ay sumangguni sa isang abugado sa imigrasyon na makaranasan sa mga bagay na kaugnay ng krimen-imigrasyon at ipaliwanag sa iyo ang mga panganib.

- Ang Imigrasyon ay maaaring pumasok sa mga kulungan at bilangguan upang tanungin ka tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon upang magkaroon sila ng mga dahilan upang ipatapon ka. **Tandaang gamitin ang iyong karapatang MANATILING TAHIMIK at tumangging sagutin ang kanilang mga tanong.**

- Makakahiling ang Imigrasyon na manatili ka sa kulungan o bilangguan para sa karagdagang 48 oras, hindi kabilang ang mga weekend at holiday, lampas sa petsa na ipinag-utos na ilabas ka upang maaresto ka at ilagay sa mga pamamaraang kaugnay ng deportasyon. Ang mga paghiling na ito ng pagpigil ay hindi mga warrant sa krimen, at maaaring nilalabag ng mga ito ang batas. **Kung ikaw ay nakakulong ng higit sa 48 oras pagkaraan ng iyong petsa ng paglabas, ang iyong mga karapatan ay maaaring nalabag. Tumawag agad ng isang abugado sa depensang pangkrimen o pang-imigrasyon.**

- **May karapatan kang TUMAWAG AT TUMANGGAP NG MGA PAGBISITA mula sa iyong konsulado.** Ang iyong Consul ay maaaring makatulong sa iyo na kumuha ng isang abugado sa imigrasyon o libreng payong pambatas.

- **Kung ikaw ay may kasaysayan ng krimen o mga naunang napatunayang krimen, KUMUHA NG KOPYA ng iyong rekord ng napatunayang krimen at sertipikadong mga transcript mula sa isang korteng pangkrimen.** Depende sa korte, maaari mong gawin ito online o kailangang personal na pumunta ka.

**Ano ang aking mga karapatan sa sandaling ikulong ako ng Imigrasyon?**

- **May karapatan kang TUMAWAG at TUMANGGAP NG MGA PAGBISITA mula sa isang abugado, iyong konsulado, at iyong pamilya kapag ikinulong ka.** Ang mga numero ng telepono ng iyong konsulado ay nakapaskil sa kulungan o makakahingi ka sa opisyal ng deportasyon ng isang listahan. Ang pamahalaan ay hindi magbibigay sa iyo ng abugado, kaya kakailanganin mong tumawag sa mga tanggapan ng abugado upang kumuha ng abugado o

humanap ng isang taong kakatawan sa iyo nang libre o sa mababang halaga. Ang Imigrasyon ay magbibigay sa iyo ng listahan ng mga grupo na maaaring magkaloob sa iyo ng libre o murang payong pambatas o pagkatawan. Ang iyong Consul ay maaari ring tumulong sa iyong humanap ng abugado, o maaari mong gamitin ang mga sumusunod na tagatulong:

  - Ang online na direktoryo ng American Immigration Lawyers Association
  - Ang Find-A-Lawyer na kasangkapan ng National Immigration Project ng National Lawyers Guild
  - Ang listahan ng mga tagapagkaloob ng libreng serbisyong pambatas batay sa estado ng Department of Justice
  - Ang direktoryo ng di-nagtutubo, murang tulong na pambatas batay sa zip code at pasilidad ng detensiyon ng Immigration Law Help

- **Magagawa ng iyong pamilya na MALAMAN kung saan ka nakakulong.** Ang Imigrasyon ay may Online Detainee Locator System sa https://locator.ice.gov/odls/#/index. Dapat na nasa kanila ang iyong buong pangalan at A number. Matatawagan din nila ang lokal na opisina ng ICE o ang Detention and Reporting Information Line sa 1-888-351-4024.

- **Sa karamihan ng mga kaso, may karapatan kang MAGTANONG TUNGKOL SA BOND upang makalabas mula sa detensiyon.** Ang bond ay isang halaga ng pera na ibinabayad sa pamahalaan upang igarantiya na dadalo sa mga pagdinig ng kore sa hinaharap. Maaari mong hingin sa ICE na magtakda ng isang bond. Kung ang ICE ay hindi nagtakda ng bond o nagtakda ng masyadong mataas na halaga, makakahingi ka ng pagdinig para sa bond sa isang hukom sa imigrasyon. Isasaalang-alang ng isang hukom kung ikaw ay panganib sa ibang mga tao  o malamang na magpakita para sa iyong pagdinig sa korte. Ang nakakatulong na ebidensiya na dapat isumite para sa isang pagdinig sa bond ay kinabibilangan ng mga pay stub, pinirmahang lease, mga sumusuportang liham mula sa iyong pamilya, mga kaibigan, kaparian, at mga pinagtatrabahuhan. Kung dumating ka kamakailan sa hangganan o napatunayang nagkasala ng partikular na krimen, maaaring hindi ka karapat-dapat sa bond. Pinakamahusay na talakayin sa iyong abugado ang iyong pagiging karapat-dapat.

- **Kung hindi mo kaya ang halaga ng bond, KONTAKIN ang isang bond fund.** Ang ilan ay nakalista sa ibaba, pero para sa isang kumpletong direktoryo, mangyaring bisitahin ang Directory of Community Bail Funds ng National Bail Fund Network.

- National Immigration Detention Bond Fund (karamihan ay sa California at Louisiana)
- RAICES Bond Program (Sa Texas lamang)
- Envision Freedom Fund (New York at New Jersey)
- LGBTQ Freedom Fund (Buong bansa)
- Black Immigrants Bail Fund (Buong bansa)

**Ano ang aking mga karapatan sa aking kaso sa imigrasyon?**

- **Ikaw ay dapat bigyan ng dokumentong tinatawag na NOTICE TO APPEAR (NTA).** Ang NTA ay nagtataglay ng impormasyon tungkol sa iyong kaso sa imigrasyon. Ito ay dapat magtaglay ng mga detalye tungkol sa dahilan ng iyong mga pamamaraan, ang ipinaparatang na mga paglabag sa imigrasyon, isang petsa, oras, at lokasyon para sa iyong unang pagdinig, at payo tungkol sa iyong mga karapatan. Kung ang NTA ay hindi nagtataglay ng kinakailangang impormasyon, ito ay maaaring walang bisa sa batas. Tiyakin na suriin ang NTA kasama ng isang abugado. Kung ikaw ay hindi nabigyan ng NTA sa loob ng 72 oras pagkatapos maaresto, dapat mong hingin ito sa iyong opisyal ng deportasyon.

- **Sa karamihan ng mga kaso, may karapatan ka sa isang PAGDINIG sa harap ng isang hukom sa imigrasyon.** Kung dumating ka kamakailan sa hangganan at ikaw ay dati nang ipinatapon, maaaring subukan ng imigrasyon na ipatapon ka agad nang walang pagdinig o walang abugado. Sa pagdinig, ang hukom ay magpapasya kung ikaw ay maaaring ipatapon o kung ikaw ay karapat-dapat para sa mga anyo ng kaluwagan sa imigrasyon. Kung hindi ka pa nabigyan ng pagdinig, alamin kung bakit at sabihin agad sa iyong abugado.

- **Dapat mong SABIHIN sa iyong opisyal ng deportasyon, abugado, at/o hukom sa imigrasyon kung ikaw ay natatakot bumalik sa iyong sariling bansa.** Maaaring karapat-dapat ka para sa asylum o ibang mga anyo ng kaluwagan sa imigrasyon.

- **Dapat patunayan ng Imigrasyon na ikaw ay hindi isang mamamayan ng U.S. at ikaw ay maaaring ipatapon.** Ang imigrasyon ay magsusumite ng ebidensiya na ikaw ay isang dayuhan, kabilang ang iyong pasaporte o ibang mga dokumento sa paglalakbay, card ng pagkakakilanlan, sertipiko ng kapanganakan.

- **Sa karamihan ng mga kaso, may karapatan kang MAGKAROON NG ISANG ABUGADO sa iyong mga pamamaraan sa imigrasyon.** Gayunman, ang

pamahalaan ay hindi magkakaloob o  magbabayad para sa abugadong iyon. Ikaw ang dapat kumuha ng abugado o humanap ng kakatawan sa iyo nang libre o sa mababang halaga. Ang Imigrasyon ay magbibigay sa iyo ng listahan ng mga grupo na maaaring magkaloob sa iyo ng libre o murang payong pambatas o pagkatawan. Ang iyong Consul ay maaari ring tumulong sa iyong humanap ng abugado, o maaari mong gamitin ang mga sumusunod na tagatulong:

  - Ang online na direktoryo ng American Immigration Lawyers Association
  - Ang Find-A-Lawyer na kasangkapan ng National Immigration Project ng National Lawyers Guild
  - Ang listahan ng mga tagapagkaloob ng libreng serbisyong pambatas batay sa estado ng Department of Justice
  - Ang direktoryo ng di-nagtutubo, murang tulong na pambatas batay sa zip code at pasilidad ng detensiyon ng Immigration Law Help

- **Ikaw ay maaaring HUMINGI sa hukom sa imigrasyon para sa karagdagang panahon upang humanap ng abugado,** kung nakipagkita ka sa hukom bago ka nakakuha ng payong pambatas. Ang hukom ay dapat magbigay sa iyo ng makatwirang panahon upang humanap ng abugado. Nakakatulong na itala ang mga tagapagkaloob na pambatas na kinontak mo, upang maipakita mo sa hukom na sinikap mong humanap ng abugado.

**Ano ang dapat kong sabihin sa aking abugado?**

- **ANUMANG BAGAY na maaaring may kaugnayan sa iyong kaso sa imigrasyon.** Mahalagang alam ng sinumang nagbibigay sa iyo ng payong pambatas ang lahat ng bagay tungkol sa iyong kaso upang makapagbigay sila sa iyo ng pinakamahusay na payo. Ang iyong abugado ay may etikal na obligasyon na panatilihing kompidensiyal ang anumang ibinabahagi mo.

- **Kabilang dito ang iyong kasaysayan na kaugnay ng imigrasyon, kasaysayan na kaugnay ng krimen, pinagdaanan ng pamilya, at ibang mga detalye tungkol sa iyong buhay.** Kung ikaw ay naaresto, nakasuhan, o napatunayang nagkasala ng isang krimen, mahalagang sabihin mo ang impormasyong ito sa iyong abugado dahil ang krimen ay maaaring may mga kahihinatnang kaugnay ng imigrasyon.